

Mga Tagubilin para sa Pormularyo ng Tugon (Form UD 105)

Kumpletuhin ang bahagi sa itaas ng pormularyo ng Tugon ayon sa:

1. **Unang kahon, kanang bahagi**: Isulat ang iyong pangalan, address, numero ng telepono, at email address. Pagkatapos ay isulat ang County kung saan isinampa ang iyong kaso at isulat ang address ng korte. Makikita ang impormasyong ito sa Patawag at Reklamo ng demanda.
2. **Pangalawang kahon, kaliwang bahagi**: Isulat ang pangalan ng May Sakdal (landlord), eksaktong tulad sa kung paano ito makikita sa Reklamo. Isulat ang (mga) pangalan ng Akusado (nangungupahan), eksaktong tulad sa kung paano ito makikita sa Reklamo. Kung mayroong higit sa isang tao, isama ang bawat pangalan.
3. **Pangalawang kahon, kanang bahagi**: Isulat ang numero ng Kaso. Makikita ito sa Patawag at Reklamo ng paghahabol.

Item 1: Akusado

Isulat ang iyong pangalan

Item 2: Mag-tsek lamang ng ISA sa dalawang kahon

I-tsek ang Kahon A kung ang halagang hiniling ng landlord sa Pahina 2 ng pormularyo ng Reklamo ay mas mababa sa \$1,000. Kung hindi, i-tsek ang Kahon B.

Kung nag-tsek ng Kahon B, sa **unang** linya isulat ang mga numero ng talata mula sa reklamo ng landlord na sa tingin mo ay mali at hindi wasto at sa **pangalawang** linya isulat ang mga numero ng talata mula sa reklamo ng landlord kung saan wala kang sapat na impormasyon upang malaman kung ang mga pahayag ay totoo o mali.

Item 3: Nagpapatibay na mga Depensa

Maingat na basahin ang mga pahayag sa mga Kahon (a) hanggang (j) at i-tsek ang mga depensa na sa tingin mo ay naaangkop sa iyo.

Kung isasama mo ang “Kalakip 3L” (Attachment 3L) sa iyong Tugon, markahan ang mga Kahon (k) at (l).

Kung HINDI mo isasama ang “Kalakip 3L” (Attachment 3L) sa iyong tugon, magsulat ng anumang mga katotohanan upang suportahan ang iyong mga dahilan para sa pag-tsek ng alinman sa mga

nagpapatibay na mga depensa sa mga Kahon 3(a) hanggang 3(j).
Isulat ang mga katotohanan sa ilalim ng Item 3(l).

Item 4: Ibang mga Pahayag

I-tsek ang Kahon 4(a) kung hindi ka na nakatira sa bahay o apartment at lagyan ng petsa kung kailan ka umalis.

I-tsek ang Kahon 4(a) kung sa tingin mo ang iyong upa ay masyadong mataas dahil sa mga problema sa bahay o apartment o dahil ito ay higit sa halaga para sa ibang mga dahilan at magbigay ng paliwanag. Halimbawa, maaari mong isulat, “Ang makatarungang halaga sa upa ng pag-aari ay masyadong mataas dahil mayroong mga problema sa aking bahay na nangangailangan ng pagkukumpuni na hindi ginawa ng landlord.” (The fair rental value of the premises is too high because there are problems in my home that need repair that the landlord hasn’t repaired.)

Item 5: Mga Kahilingan ng Akusado

Maingat na basahin ang mga pahayag na ito sa mga Kahon 5(a) hanggang 5(e) at i-tsek ang (mga) kahon na naaangkop. Ang Kahon 5(e) ay kung saan maaari kang gumawa ng karagdagang mga kahilingan sa korte tulad ng kahilingan sa paglilitis sa hurado.

Item 6: Bilang ng mga pahinang nakalakip.

Kung mayroon kang dagdag na mga pahinang nakalakip, tulad ng “Kalakip 3L” (Attachment 3L) markahan ang Kahon 6 (Box 6) at isulat ang bilang ng mga pahinang nakalakip.

Item 7: Tulong sa Labag sa Batas na Pag-antala

Markahan ang kahon bago ang “hindi” (did not) kung HINDI ka nagbayad ng pera para sa labag sa batas na pananatili upang magbigay sa iyo ng payo o tulongan kang punan ang pormularyong ito.

Isulat ang iyong pangalan at pirmahan malapit sa baba sa ilalim ng pangungusap na, “Ang bawat akusado kung kanino isinampa ang tugon na ito ay dapat nakapangalan sa item 1 at dapat pumirma sa tugon na ito maliban kung pumirma ang kaniyang abogado.” (Each defendant for whom this answer is filed must be named in item 1 and must sign this answer unless his or her attorney signs.)

Sa pinakababa, sa ilalim ng “Pagpapatunay,” (Verification) ilagay ang petsa, isulat ang iyong pangalan, at pirmahan.